


Ortograpiyang Pambansa



Ang Alpabetong Filipino



Aa	Bb	Cc	Dd	Ee	Ff	Gg
Hh	Ii	Jj	Kk	Ll	Mm	Nn
Ññ	Ng	Oo	Pp	Qq	Rr	Ss
Tt	Uu	Vv	Ww	Xx	Yy	Zz

28 Titik



Pagpapantig ng Salita

espesyal

es·pes·yal

aklat


ak·lat

ospital

os·pi·tal

pansit

pan·sit



Kapag may magkasunod na katinig sa loob ng isang salita, ang una ay isinasama sa sinundang patinig at ang ikalawa ay isinasama sa kasunod na pantig



Pagpapantig ng Salita

sobre

so·bre

litro

li·tro

okra


o·kra

libro

li·bro

Kataliwasan sa unang tuntunin:

Karaniwan, kung hiram mula sa Español ang mga digrapo gaya ng BR, TR, KR, etc. magkasama ito sa isang pantig at hindi pinaghhiwalay.





Pagpapantig ng Salita


eksperto


inspirasyon

eks·per·to

ins·pi·ras·yon

Kapag may tatlong magkakasunod na katinig sa loob ng isang salita, ang unang dalawa ay sumasama sa sinundang patinig at ang ikatlo ay napupunta sa kasunod na pantig





Pagpapantig ng Salita

timbre

tim·bre


templo

tem·plo

sentro

sen·tro

Kapag ang una sa tatlong magkakasunod na katinig ay sinusundan ng alinman sa BL, BR, DR, PL, at TR, ang unang katinig ay isinasama sa unang patinig at ang sumunod na dalawang katinig ay napupunta sa kasunod na pantig.





Pantig na Inuulit

plano


mag·pa·plano

trabaho

mag·ta·tra·ba·ho

close

i·pa·ko·close




Kapag nagsisimula ang salita sa kambal-katinig o kumpol-katinig (consonant cluster), ang katinig at patinig lamang ang inuulit

GAMIT NG WALONG BAGONG TITIK

C, F, J, Ñ, Q, V, X, Z

Napakaimportante ng walong bagong dagdag na titik sa Filipino upang maigalang ang mga kahawig na tunog sa mga katutubong wika.



GAMIT NG WALONG BAGONG TITIK

Ang dating 20 titik ng Abakada ay nadagdagan ng walo pang titik:



C, F, J, Ñ, Q, V, X, Z

Apat ay mula sa mga wika ng ibang bansa

C, Ñ, Q, X

Apat ay mula sa mga wika sa Filipinas

F, J, V, Z



GAMIT NG WALONG BAGONG TITIK

Para sa mga kahawig na tunog sa pagsulat ng mga salita mula sa katutubong wika ng Filipinas



feyu (Kalinga) — pipa na yari sa bukawa o sa tambo

jambangan (Bahasa Sug) — halaman

zigattu (Ibanag) — silangan

falendag (Tëduray) — plawtang pambibig

vakúl (Ivatan) — pantakip sa ulo na yari sa damo na ginagamit bílang pananggalang sa ulan at init ng araw



GAMIT NG WALONG BAGONG TITIK

kuvát (Ibaloy) — digma



vuyú (Ibanag) — bulalakaw

zigattú (Ibanag) — silangan

zinága (Ibanag) — dinuguan

zinaanága (Ibanag) — pamana



majáw (Butwan) — maganda



BAGONG HIRAM NA SALITA

Para sa mga bagong hiram na salita na babaybayin sa Filipino



selfi selfon proyektor futbol



BAGONG HIRAM NA SALITA

Para sa mga bagong hiram na salita na hindi binabago ang baybay



visa zigzag level fern jam



BAGONG HIRAM NA SALITA

Para sa mga mahirap dagliang ireispel

bouquet jaywalking quiz pizza





Ano ang mas gagamitin ninyo?

HINGGIL SA REISPELING

CHART	TSART
TAXI	TAKSI
STAND BY	ISTÁMBAY
SCHEDULE	ISKÉDYUL
POLICE	PULÍS
BOXING	BÓKSING
RECESS	RISÉS
GROCERY	GRÓSERÍ





Pagrerereispiel



HUWAG MAGREISPEL KAPAG:


- 1. KAKATWA O KAKATAWA ANG ANYO**
 - 2. HIGIT NA MAHIRAP BASAHIN KAYSA ORIHINAL**
 - 3. NASISIRA ANG KABULUHANG KULTURAL**
 - 4. HIGIT NANG POPULAR ANG ANYO SA ORIHINAL**
- 



Halimbawa



CARBON DIOXIDE	VS	KARBON DAY-OKSAYD
BAGUETTE	VS	BAGET
FENG SHUI	VS	FUNG SOY
HABEAS CORPUS	VS	HABYAS KORPUS
BOUQUET	VS	BUKEY
PIZZA	VS	PITSA
WIFI	VS	WAYFAY





Pangkalahatang Tuntunin



Sa pangkalahatan, nawawala ang unang patinig sa mga kambal-patinig na I+(A, E, O) at U+(A, E, I) kapag siningitan ng Y at W sa pagsulat.

acacia ==> akasya

indibidual ==> indibidwal

teniente ==> tenyente

aguador ==> agwador



Unang Kataliwasan



Huwag alisin ang unang patinig kapag ang kambal-patinig ay sumusunod sa katinig sa unang pantig ng salita.

tia ==> tiya

piano ==> piyano

pieza ==> piyesa

fuerza ==> puwersa

viuda ==> biyuda

cuento ==> kuwento



Ikalawang Kataliwasan



Huwag alisin ang unang patinig kapag ang kambal-patinig ay sumusunod sa dalawa o mahigit pang kumpol-katinig (consonant cluster) sa loob ng salita.

ostiya (hostia)

impiyerno (infierno)

leksiyon (leccion)

eleksiyon (eleccion);

biskuwit (biscuit)

engkuwentro (encuentro)

Lumuluwag ang pagbigkas at dumadali ang pagpapantig.





Ikatlong Kataliwasan



Huwag alisin ang unang patinig kapag ang kambal-patinig ay sumusunod sa tunog na H.

mahiya (magia)

estrategiya (estrategia),

kolehiyo (colegio)

rehiyon (region)





Ikaapat na Kataliwasan



Kapag ang kambal-patinig ay nása dulo ng salita at may diin ang bigkas sa unang patinig ang orihinal.

economía (e-co-no-mi-a) ==> ekonomIYA


geografía (geo-gra-fi-a) ==> heograpIYA

filosofía (fi-lo-so-fi-a) ==> pilosoplYA





Malakas na Patinig




Hindi nagdudulot ng kalituhan ang mga kambal-patinig na may malakas na unang patinig (A, E, O)

idea	hindi ideya
leon	hindi leyon
teorya	hindi teyorya
ideolohiya	hindi ideyolohiya




Palitang E/I at O/U



Senyas sa Español o sa Ingles

Sa kaso ng E/I, magiging senyas ang E sa mga salitang Español na nagsisimula sa ES upang ibukod sa mga salitang Ingles na halos katunog ngunit nagsisimula sa S.

Palitang E/I at O/U



eskándaló (escandalo)	vs	iskándal (scandal)
estasyon (estacion)	vs	istéysiyón (station)
espesyál (especial)	vs	ispésyal (special)
eskuwéla (escuela)	vs	iskúl (school)
estándarte (estandarte)	vs	istándard (standard)
estílo (estilo)	vs	istáyil (style)
eskolár (escolar)	vs	iskólar (scholar)

Palitang E/I at O/U



Hindi kailangang baguhin ang E at O kapag sinundan ng pang-ugnay na (-ng).

“babáeng masipag” at hindi “babaing masipag”

“biròng masakit” at hindi “birung masakit”

Palitang E/I at O/U

Hindi kailangang baguhin ang E at O kapag inuulit ang salitang-ugat.

babáeng-babáe at hindi “babaing-babae”

birò-birò at hindi “biru-biro”

anó-anó at hindi “anu-ano”


alón-alón at hindi “alun-alon”

taón-taón at hindi “taun-taon”

píso-píso at hindi “pisu-piso”

pitó-pitó at hindi “pitu-pito”

pátong-pátong at hindi “patung-patong”




Palitang E/I at O/U


Kapag Nagbago ang Katinig

KUMPERENSIYA (ESP. CONFERENCIA)

Nagpapalit ang N sa M kapag nag-uumpisa ang kasunod na pantig sa B/V at P/F.



Palitang E/I at O/U



Kapag Nagbago ang Katinig

kumbensiyon (convencion)

kumpisal (confesar)

kumbento (convento)

kumpiska (confisca)

Palitang E/I at O/U


Epekto ng Hulapi

balae-balaihin hindi balaehin

babae-kababaihan hindi kababaehan

abo-abuhin hindi abohin

takbo-takbuhan hindi takbohan




Palitang E/I at O/U

Epekto ng Hulapi

Kataliwasan: Mga salitang hiram mula sa Español na nagtatapos sa 'e'

sine-sinehan	hindi sinihan
onse-onsehan	hindi onsihan
base-basehan	hindi basihan
bote-botehan	hindi botihan




Palitang E/I at O/U

Epekto ng Hulapi

Huwag baguhin ang dobleng “O”

nood	panoorin
poot	kapootan
doon	paroonan
buo	kabuoan
suot	kasuotan
salimuot	kasalimuotan



Palitang E/I at O/U


KAPAG NAGBAGO ANG KAHULUGAN

sálo-sálo—magkakasáma at magkakasabay na kumain
salusálo—isaing piging o handaan para sa maraming tao

bató-bató—paglalarawan sa daan na maraming bato
batubató—ibon, isaing uri ng ilahas na kalapati

halo-halo—pinagsama-sama

haluhalo—pagkaing may yelo at iba pang sangkap



MGA GAMIT NG “NANG”

Bílang pangatnig: ginagamit ang “nang” na kasingkahulugan ng “noong.”

“Umaga nang barilin si Rizal.

“Nang umagang iyon ay lumubha ang sakit ni Pedro.”

Bílang pangatnig: ginagamit ang “nang” na kasingkahulugan ng “upang” o “para.”

“Dinala si Pedro sa ospital nang magamot.”

“Matulog ka na nang maaga kang magising búkas.”



MGA GAMIT NG “NANG”

Mga Gamit ng “Nang”

Ginagamit ang nang bílang pang-angkop ng inuulit na salita

“Barilin man nang barilin si Rizal ay hindi siyá mamamatay sa puso ng mga kababayan.”

“Siya ay umawit nang umawit.”



MGA GAMIT NG “NANG”

Bílang pang-abay: ginagamit ang nang para sa pagsasabi ng paraan

“Tumakbo siya nang mabilis.”

"Namuno siya nang magulo."



MGA GAMIT NG “NG”

Bílang pangatnig: pananda ng pangalawang
tuwirang nilalayon ng pandiwang palipat

“Magpatuloy ng mananakop”



MGA GAMIT NG “NG”

Titik na ipinapalit sa pangatnig na “na” at pahulaping iniaangkop sa unang salita ng dalawang pinagkakatnig.

“Talang maliwanag” sa halip na “Talâ na maliwanag.”



MGA GAMIT NG “NG”

Bílang pang-ukol: pagpapahayag sa kaukulang paari.

“Dingding ng bahay.”



MGA GAMIT NG “NG”

Bílang pang-ukol: pananda sa kaganapan ng layon ng pandiwa.

“Sumungkit ng mangga.”



MGA GAMIT NG “NG”

Bílang pang-ukol: pananda ng tagaganap ng pandiwang palipat kung hindi ito pangalan ng tao.

“Inaawit ng aming kaibigan.”






Kuwít (,)

Ginagamit ang kuwit upang matukoy ang pinakamaikling pagputol ng idea o pinakamaliit na paghinto sa daloy ng pangungusap.

Bago ang lahat, naisip niya, nais niyang maging mabuting pinuno, hindi tumambay lang.






Kuwít (,)

Ginagamit din ang kuwit sa serye ng tatlo o mahigit na mga idea sa isang pangungusap na pinagsasama ng isang pang-ugnay.

Tatlo sa paborito kong nobelistang kontemporaneo sina Tony Perez, Gina Apostol, at Allan Derain.






Ang Halaga ng Oxford Comma



Nagpalaki siya ng tatlong anak, dalawang aso at isang unggoy.





Kudlit (')


Ginagamit ang kudlit tuwing may tinatanggal na titik sa isang salita.

Binili ko ang libro bago 'ko umuwi.

Pangako sa 'Yo

Mayro'n akong k'wento.

'Tapon n'yo na nga ang basura.






Gitling (-)

Ginagamit ang gitling sa sumusunod: inuulit na salita, isahang pantig na tunog, paghihiwalay ng katinig at patinig, pinabigat na pantig, bagong tambalan, pasulat na oras, kasunod ng “de” o “di,” at sa apelyido.

iba-iba, ano-ano, pali-palito, suntok-suntukenin
alaala, gamugamo, paruparo
haluhalo, halo-halo
tik-tak, ding-dong, ha-ha-ha
pag-asa, balikbayan, samot-sari






Gitling (-)

Ginagamit ang gitling sa sumusunod: inuulit na salita, isahang pantig na tunog, paghihiwalay ng katinig at patinig, pinabigat na pantig, bagong tambalan, pasulat na oras, kasunod ng “de” o “di,” at sa apelyido.

taga-Marikina, mag-makeup, magmeyk-ap
ika-8 ng umaga, ala-una ng hápon
de-lata, de-motor, di-magiba
Miriam Defensor-Santiago






Gatlang en (–)

Nagsasaad ng pansamantalang pagtigil sa pagbása o sa daloy ng idea, sa pagdidiin sa paliwanag, pagputol ng idea (lalo na sa mga diyalogo), at sa sanggunian (gatlang 3 em)

Hindi ko alam kung magagawa—ngunit ako’y umaasa—na mapagbigyan ang ating hiling.

Joey: Patawad sa aming inasal da—






Tuldok-kuwit (;)

Ginagamit din ang tuldok-kuwit sa mga paglilista na gumagamit ng kuwit ang nilalaman ng iniisa-isa.


Ilan sa mga paborito kong nobela ang Ang Sandali ng mga Mata ni Alvin Yapan; Confessions of a Volcano ni Eric Gamalinda; at Bata, Bata...Pa'no ka Ginawa? ni Lualhati Bautista.





Tuldok-kuwit (;)

Bumisita ako noong 2018 sa Lungsod Tabuk, Kalinga; Lungsod Malaybalay, Bukidnon; at Guiuan, Eastern Samar.






Tutuldok (:)

Ginagamit ang tutuldok bílang pagpapakilala sa isang listahan o ang pag-iisa-isa.

Ilan sa mga paborito kong nobela: Ang Sandali ng mga Mata ni Alvin Yapan; Confessions of a Volcano ni Eric Gamalinda; at Bata, Bata...Pa'no ka Ginawa? ni Lualhati Bautista.







Tutuldok (:)

Ginagamit ang tutuldok bílang pagpapakilala sa isang listahan o ang pag-iisa-isa.

Ilan sa mga paborito kong nobela: Ang Sandali ng mga Mata ni Alvin Yapan; Confessions of a Volcano ni Eric Gamalinda; at Bata, Bata...Pa'no ka Ginawa? ni Lualhati Bautista.





Daghang salamat!

Bumisita sa kwf.gov.ph at sa aming FB page!

